

Boses  
Mo,  
Lakas  
Mo



Los Angeles City Council  
Redistricting Commission (LACCRC)

# Ano ang Dapat Mong Malaman sa Muling Pagdidistrito

Sa isang demokrasya, boses natin ang kapangyarihan natin. At bilang mga residente ng Lungsod ng Los Angeles, ginagamit natin ang boses na iyon sa maraming paraan - upang bumoto para sa isang Miyembro ng Sanggunian upang kumatawan sa atin; upang tawagan ang ating mga nahalal na opisyal kapag kailangan natin ng tulong; upang ipaalam sa mga tagapagdesisyon kung sinusuportahan o tinututulan natin ang isang bagong batas o patakarang nakaapekto sa ating buhay. **Ang proseso ng muling pagdidistrito ay isa pang paraang dapat nating gamitan ng ating boses upang gamitin ang ating kapangyarihan.** Kasing halaga ang muling pagdidistrito sa demokrasya gaya ng pagboto. Ngunit maraming tao ang hindi gaanong may alam tungkol sa muling pagdidistrito. Naglalayon ang fact sheet na ito na bigyan ka ng mahahalagang impormasyon tungkol sa muling pagdidistrito, at kung bakit ito mahalaga sa iyo.


## Ano ang muling pagdidistrito?

Nakatira ang bawat tao sa Lungsod ng Los Angeles sa isang distrito ng Sanggunian ng Lungsod. May pagkakataon tayong maghalal ng isang miyembro ng sanggunian ng lungsod ayon sa distritong pinaninirahan natin. Halimbawa - nasa magkakaibang distrito ng Sanggunian ang Boyle Heights, Pacoima, Venice, at South LA, at bumuboto ng magkakaibang tao ang mga residente sa mga komunidad na iyon para katawanin sila.

Kada 10 taon, sumasailalim ang buong bansa sa isang prosesong tinatawag na muling pagdidistrito upang muling iginuhit ang mga mapa na tumutukoy sa bawat distrito. Habang mas lumiliit o mas lumalaki ang mga komunidad, at tumitira at lumilipat ang mga tao, mahalagang patas at pantay na tinutukoy ang mga distrito. Ayon sa Konstitusyon ng U.S., dapat na magkaroon ng parehong bilang ng tao ang lahat ng mga elektoral na distrito sa loob ng isang ibinigay na mapa ng muling pagdidistrito. Tutukuyin ng mga mapang iginuhit ang alokasyon ng politikal na kapangyarihan at representasyon sa bawat antas ng gobyerno (lungsod, lalawigan, estado at pederal).

## Bakit mahalaga ang muling pagdidistrito?

Maaaring tukuyin ng kung saan iginuhit ang mga linya ng distrito kung sino ang maaaring iboto ng mga residente at maging ng kung gaano kadalas tumugon ang mga nahalal na opisyal sa iyong mga kahilingan. Ang representasyon ay kapangyarihan. Maaaring mangahulugan ng mas marami o mas kaunting murang pabahay, mas malinis na kalsada, at mas magagandang parke kung sino ang kumakatawan sa iyo sa Munisipyo. At pagsisiguro na iginuhit ang iyong distrito sa paraang binibigyan ka ng patas na representasyon na maaaring makagawa ng malaking pagbabago para sa iyo at iyong pamilya. Hindi ka kailanman dapat tanggalan ng muling pagdidistrito na magkaroon ng boses sa gobyerno ng lungsod. Dapat na iginuhit ang mga mapa sa mga paraang hinahayaang pantay na tratuhin ang iyong lugar.



### Paano gumagana ang muling pagdidistrito?

Nagtalaga ang Alkalde at Sanggunian ng Lungsod ng isang komisyon ng malayang mamamayan upang payuhan sila kung paano iguhit ang mga bagong distrito na sumasalamin sa mga interes ng daan-daang komunidad sa Los Angeles na ginagawa itong kakaiba. Binubuo ang komisyon may 21 miyembro ng iba't ibang mamamayang mula sa bawat bahagi ng lungsod. Nakatuon ang Komisyon upang masigurong may pantay at patas na representasyon ang lahat sa Munisipyo.

Bago muling iguhit ang mga linya, magsasagawa ang komisyon ng isang serye ng 19 na pampublikong pagdinig at mga pagpupulong ng komunidad. Magkakaroon ng isa para sa bawat Distrito ng Sanggunian ng Lungsod at apat na panrehiyong pagpupulong.

Kapag natapos na ng komisyon ang mga pampublikong pagdinig, kukunin nila ang impormasyong ibinigay mo kasama ang mga datos na ibinigay mula sa Pederal na Gobyerno at guguhit ng mga bagong mapa.

Magda-draft ng isang set ng mga mapa at ipapakita sa komunidad sa online at sa pamamagitan ng mga pampublikong pagdinig upang masigurong nakukuha ng komisyon ang iyong feedback. Pagkatapos, babaguhin namin ang mga mapa at ipadadala ang mga ito sa Sanggunian ng Lungsod para sa pag-apruba.

### Paano ako makakasali upang makasigurong narinig ang boses ko?

Maraming paraan upang makasali ka sa proseso ng muling pagdidistrito.

Dumalo sa isa sa 19 na pagdinig sa muling pagdidistrito, na gaganapin sa pamamaraang virtual sa mga komunidad sa buong Lungsod ng Los Angeles sa pagitan ng Hulyo 1, 2021, at Setyembre 25, 2021.

Maaari kang tumugon sa [bit.ly/LACCRCMeetings](https://bit.ly/LACCRCMeetings) o tumawag sa (213) 263-5765.

Kapag nagparehistro ka, makakatanggap ka ng isang Zoom link na papayagan kang sumali sa online na pampublikong pagdinig mula sa iyong telepono, kompyuter, o iba pang device.

Maaari mo ring isumite ang iyong pahayag na nakasulat sa: [redistricting.lacity@lacity.org](mailto:redistricting.lacity@lacity.org).

Trabaho ng komisyon na isaalang-alang ang iyong input kapag bumubuo ng mga rekomendasyon sa kung paano iguhit ang mga mapa ng distrito.

Kailangan naming marinig ang tungkol sa kung ano ang pinaniniwalaan mong bumubuo sa iyong komunidad. Sabihin sa amin ang tungkol sa mga paaralan, simbahan, parke at lugar na pamilihan. Sabihin sa amin ang tungkol sa mga tao. Sabihin sa amin ang tungkol sa kung ano-anong mga lugar ang kailangang maisama, at kung bakit natatangi ang inyong komunidad.

### Ano-ano ang mga panuntunan at pamantayan?

Kabilang sa ilan sa mga pamantayang ginamit upang desisyunan ang mga mapa ang:

1. Dapat pantay ang bilang ng populasyon ng mga distrito ng sanggunian
2. Dapat na magawang makakonekta ang iba't ibang bahagi ng distrito sa isa't isa nang ayon sa heograpiya.
3. Dapat bawasan ang pagkakahati-hati ng mga kapitbahayan sa maraming distrito.
4. Sumunod sa Voting Rights Act, na isang batas na naglalayong protektahan ang mga residenteng etniko tulad ng mga Latino, Asian American at African American upang magkaroon ng patas na pagkakataong maghalal ng isang kinatawag kanilang pinili.

Sundan kami sa:



LACCRC2021



@LACCRC2021

*Ang misyon ng Los Angeles City Council Redistricting Commission ay siguruhing may patas at pantay na representasyon ang lahat ng miyembro ng komunidad sa Los Angeles City Council.*

*Upang malaman pa ang tungkol sa iyong sangguniang pandistrito at pangkomunidad pumunta sa "My Neighborhood Information" ng Lungsod ng Los Angeles sa [www.lacity.org/residents](http://www.lacity.org/residents)*